



### Update ng patunay ng pagpapabakuna para sa mga Recreation Centre ng Lungsod ng Brampton

BRAMPTON, ON (Oktubre 19, 2021) – Simula sa Nobyembre 1, ang patunay ng pagpapabakuna ay kakailanganin para sa lahat ng panauhin na 12 taong gulang at mas matanda na papasok sa mga Recreation Centre ng Lungsod ng Brampton, kaayon ng mga gabay ng Peel Public Health.

Mailalapat ito sa lahat ng kalahok at mga manonood sa mga recreation centre, kabilang ang kabataan, mga coach, instructor, tagapag-alaga, volunteer at mga opisyal ng laro. Ang update na ito ay naaayon sa ibang mga munisipyo at tutulong sa pagprotekta sa komunidad ng isport ng aktibong kabataan sa Peel.

#### Tinatanggap na mga paraan ng patunay ng pagbabakuna

Tatanggapin ng Brampton Recreation ang sumusunod na mga paraan ng patunay ng pagpapabakuna kasama ang isang piraso ng personal na identipikasyon:

1. **Vaccine receipt na patunay ng pagpapabakuna:** Pwede itong makuha mula sa [booking portal ng lalawigan](#), o sa pamamagitan ng Booking Line ng Panlalawigang Bakuna sa 1-833-943-3900.
2. **Pinahusay ng Ontario na digital na sertipiko ng vaccine receipt gamit ang opisyal na QR code:** Maaari itong makuha mula sa [booking portal ng lalawigan](#). Ang mas maraming impormasyon ay [makikita rito](#).

Pakitandaan na patuloy na rerebyuhin ng staff ang operational na mga rekisito para matiyak na mabilis na gumagalaw ang proseso ng screening hangga't maaari. Hinihiling namin na planuhing dumating nang maaga para sa iyong aktibidad para matiyak na may sapat na oras para makumpleto ang kinakailangang mga pagsusuri. Pinapasalamatan namin ang inyong tiyaga sa panahon ng transisyon na ito.

#### Mga Eksemsyon

Ang mga indibidwal na hindi makakatanggap ng bakuna dahil sa medikal na mga eksemsyon ay papayagang pumasok na may sulat ng doktor na malinaw na nagpapahiwatig ng eksemsyon sa pagpapabakuna sa COVID-19.

Pakitandaan na ang patunay ng negatibong COVID-19 test ay hindi tatanggapin bilang alternatibong patunay ng kumpletong pagpapabakuna.

#### Magpabakuna

Protektahan ang iyong sarili at ang ating komunidad. Para sa karagdagang impormasyon sa pagpapabakuna, kabilang ang pagpapa-book ng appointment, bisitahin ang vaccination site ng Rehiyon ng Peel [dito](#).

Para sa pangkalahatang mga tanong, paki-email ang [recreation@brampton.ca](mailto:recreation@brampton.ca) o tawagan ang 311 sa loob ng Lungsod ng Brampton (o 905.874.2000 sa labas).

Mag-click [dito](#) para sa pinakahuling mga update sa tugon ng Lungsod sa COVID-19.

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)